REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89- 129

KAPASIYAHAN NA KINOKONDENA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG HINDI MAKATAO AT MAKADIYOS NA PAG-AALSA LABAN SA PAMAHALAAN NG MGA ILANG NALILIGAW NG LANDAS NA MIYEMBRO NG SANDATAHANG LAKAS NG PILIPINAS NOONG NAKARAANG IKA-I HANGGANG IKA-9 NG DISYEMBRE, 1989.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas ang siyang dapat na mangalaga ng kapayapaan at kaligtasan ng bayan;

SAPAGKAT, ang isinagawang pag-aalsa ay nagdulot ng pighati at hirap sa mga walang kamalay-malay na taong-bayan;

SAPAGKAT, ang unti-unting dinadanas na kasaganaan at kapayapaan ng ating bayan ay biglang naglahong parang bula sa isang iglap lamang at muli tayong ibinalik sa simula upang balikatin at pagsikapan muli ang pagbabangon at pagpapaunlad ng ating inang-bayan;

SAPAGKAT, maraming buhay ang nabuwis ng walang kaparárakan at Pilipino laban sa kapwa Pilipino ang naglaban at nagpatayan dahil lamang sa mapag-imbot at mapang-sariling hangarin ng mga nasisiraan ng isipan na ibig ibagsak ang tinatamasa nating demokrasya sa ngayon;

SAPAGKAT, dahil sa hindi makabuluhang pag-aalsa laban sa konstitusyon at paghahangad na ibagsak ang mga nararapat na halal na pinuno ng ating Republika ay maraming ari-arian ang napinsala at nagdulot ng malaking kawalan sa kabang-yaman ng bansa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na kondenahin ang hindi makatao at maka-Diyos na pag-aalsa laban sa pamahalaan ng mga ilang naliligaw ng landas na miyembro ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas noong nakaraang ika-I hanggang ika-9 ng Disyembre, 1989 na ikinasawi ng maraming buhay at pagkasira ng mga ari-arian.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-walumpu't apat (84th) na regular na pulong na isinagawa noong nakaraang ika-11 ng Disyembre, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

**PINATOTOHANAN:**

G. RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Disyembre 11, 1989